Title VI (Tagalog)

Pinamamahalaan at pinagkakaloob ng New Horizons ang mga programa at serbisyo nito nang walang pagsasaalang-alang ng lahi, kulay, bansang pinanggalingan, relihiyon, kasarian, kawalang-kaya (pangkatawan o pangkaisipan), edad, henetikong impormasyon, status sibil, sekswal na oryentasyon o identidad, kalagayan ng AIDs/HIV, kalagayang medikal, mga politikal na palagay o pakikianib, alinsunod sa Title VI ng Batas ng mga Karapatang Sibil. Maaaring magsampa ng reklamo sa New Horizons ang sinumang tao na naniniwala na siya ay nakaranas ng diskriminasyon sa ilalim ng Title VI.

Upang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa programa ng New Horizons hinggil sa mga karapatang sibil at mga pamamaraan sa pagsampa ng reklamo, mangyaring kontakin si Brent Stutzman, Human Resources Director sa 818-894-9301; padalhan siya ng email sa bstutzman@newhorizons-sfv.org o pumunta sa aming tanggapan sa 15725 Parthenia Street, North Hills, CA 91343 sa pagitan ng 8:30 ng umaga at 4:30 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes.

Ang nagrereklamo ay maaaring tuwirang magsampa ng reklamo sa Federal Transit Administration sa pamamagitan ng paghain ng reklamo sa Office of Civil Rights, Attention: Title VI Program Coordinator, East Building, 5th Floor-TCR, 1200 New Jersey Ave., SE, Washington, DC 20590. Tumawag sa 800-555-1212 kung kailangan ng impormasyon sa ibang wika.